

THE NAVIGATOR

TAKE 10

Mga Tulong sa Nabigasyon

- 1 Pisikal na pagiging naroon**
Ang mga pisikal na tulong sa nabigasyon ay mahalaga pa rin bilang dulugan na nakikita at kamalayan batay sa pangyayari sa dagat.
- 2 Ang anyong LED**
Ang mga pantulong sa nabigasyon ay madalas na pinapahusay ng mga modernong LED na ilaw, na maaaring makapagpabago sa kanilang anyo at paraan ng pagtrabaho.
- 3 Dobleng data**
Ang mga pantulong sa nabigasyon ay mapapahusay gamit ang mga sensor at teknolohiya para sa komunikasyon, na nagpapahintulot sa kanilang makapag-transmit ng hydrographica at meteorologica na data sa aktuwal na panahon.
- 4 Pagpapalaki sa AIS**
Ang mga virtual na tulong sa nabigasyon ay maaaring mapalaki sa pamamagitan ng AIS na teknolohiya para makapagbigay ng dagdag na impormasyon, makumpirma ang posisyon o mapahintulutan ang isang pantulong sa nabigasyon na mapangatawan kung saan hindi makapagtatag ng mga pisikal na tulong.
- 5 Babala ng kahinaan ng GNSS/GPS**
Ang mga virtual na tulong sa nabigasyon gamit ang AIS na teknolohiya ay maaaring magdusa mula sa mga kahinaan ng mga GNSS/GPS na sistema at kakayahan ng VHF.
- 6 Kamalayan sa simbolo**
Ang mga virtual na tulong sa nabigasyon ay may iba't ibang mga simbolo at tungkulin. Dapat na kilalanin nang husto ng mga nabigante ang lahat ng mga ito, tulad nang ginagawa nila sa mga pisikal na katumbas nito.
- 7 Nagiging sanhi ng gulo?**
Ang mga awtoridad ay nagsisikap na markahan ang mga pinakabagong pinsala gamit ang mga pantulong sa nabigasyon, na parehong virtual at pisikal. Ngunit dapat na tandaan ng mga nabigante na, sa mga unang oras o araw ng isang nabagabag na barko, hindi lahat ng mga peligro ay maaaring makilala o maulat nang wasto.
- 8 Pantulong para sa pakikipag-usap sa pangkat**
Ang pagtatalakay sa paggamit at tungkulin ng mga pantulong sa nabigasyon ay naghahandog ng mahusay na plataporma para sa paggagabay at pagtuturo at para sa mga talakayan kasama ng pangkat ng bridge.
- 9 Impormasyon ng IALA**
Ang IALA ay ang internasyonal na samahan na nag-aayos at nagkakaisa sa paggamit ng lahat ng mga pantulong para sa nabigasyon. Maraming mga mapagpipiliang mga libreng dulugan at lathala na magagamit online sa: www.iala-aism.org
- 10 Ipahayag ang inyong opinyon**
Ang karamihan sa mga awtoridad ng pamahalaan sa buong mundo ay nag-eeksperimento sa paggamit at pagpapakita ng pisikal at virtual na pantulong sa nabigasyon. Ang mga nabigante na nais na magbigay ng komento sa kanilang paggamit ay hinihikayat na makipag-ugnayan doon sa mga nasabing awtoridad, o sa The Nautical Institute sa pamamagitan ng LinkedIn (<http://www.linkedin.com/groups/Nautical-Institute-1107227>) o sa pamamagitan ng pagpapadala ng email: mars@nautinst.org



Read all issues of *The Navigator* for free
www.nautinst.org/thenavigator



in association with



STEAMSHIP MUTUAL